

Protocol ng Personal na Pamimili (Shopping) sa Retail: Appendix B

Pinakahuling Pagbabago simula 3/12/21:

- Ang Long Beach ay mailalagay sa Red Tier sa ilalim ng Blueprint ng Estado Para sa Mas Ligtas na Ekonomiya (State's Blueprint to a Safer Economy). Occupancy ng panloob at panlabas na mga establisimyento ng retail ay limitado sa 50% na maximum na occupancy. Mga pagbabago ay may highlight na dilaw.

Ang mga tagubilin sa ibaba ay partikular sa mga establisimyento ng retail na pinayagan na magbukas muli para sa personal na pag-shopping o pamimili alinsunod sa Order ng State Public Health Officer. Karagdagan pa sa mga kondisyon na ipinataw ng State Health Officer, na maaring makita sa <https://covid19.ca.gov/industry-guidance/>, para sa mga negosyo ng retail, itong mga negosyong ito ay dapat din sumunod sa mga kondisyon na inilatag ng Protocol na ito. Itong Protocol na ito ay hindi para sa mga nakahiwalay na tindahan ng pagkain, tulad ng grocery, farmer's market, mga tindahan ng gulay o mga supermarket. Mga tindahan ng pagkain ay dapat sumunod sa Grocery Facility Protocols (Appendix L).

Mga establisimyento ng retail ay maaaring mag-operate sa labas. Mga operasyon sa labas ay maaaring isagawa alinsunod sa patnubay ng California Department of Health Guidance na tinatawag na "Use of Temporary Structures for Outdoor Business Operations" mahahanap dito <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Use-of-Temporary-Structures-for-Outdoor-Business-Operations.aspx>.

Anumang permit na ipinagkaloob ng City para sa operasyong panlabas, kasama ang mga permit na nagtatagubilin ng pagtayo ng tent, tolda o mga sun shelter, o estuktura para sa panlabas na kainan, ay dapat kunin bago magsimula ang operasyon.

Maliban sa mga takdang Kritikal na Negosyo, Kritikal na Imprastuktura, Operasyong Pangangalaga ng Kalusugan, mga tindahan ay mananatiling sarado mula 10 p.m. hanggang 5 a.m. araw araw.

Mga sa personal na akitibidad at kaganapan itong panahon ng holiday na naghihikayat sa mga tao mula sa mga iba't ibang kabahayan na magtipon-tipon tulad ng caroling, pag-ilaw ng puno, at iba pang mga pagkakataon ng pagkuha ng litrato ay ipinagbabawal.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

Paki tala: Itong dokumentong ito ay ito ay maaaring mabago sa paglabas ng mga karagdagang impormasyon at resources kaya seguridadin palaging subaybayan ang Long Beach COVID-19 website sa www.longbeach.gov/covid19 para sa anumang pagbabago sa dokumentong it.

Sakop ng checklist na ito ang mga:

- (1) Mga patakaran at pagsasagawa sa lugar ng trabaho para maprotektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang para maseguro sa physical distancing
- (3) Mga hakbang para maseguro ang pagkontrola ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at sa publiko
- (5) Mga hakbang nang masegurado ang pantay-pantay na pag-access sa mga serbisyong kritikal

Lahat ng mga negosyo ng retail ay kailangang magimplementa ng lahat ng mga angkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagpapaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na di naimplementa ay di naaangkop.

A. PATAKARAN AT MGA PAGASASAGAWA PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (LAGYAN ANG CHECK ANG ANGKOP SA PASILIDAD)

- Lahat ng maaring magtrabaho sa kanilang mga bahay ay inatasan na gawin na ito.
- Mga bulnerableng mga tauhan (yung mga may idad lampas 65 at may mga pabalikbalik na kondisyong pangkalusugan) ay inatasan na maaaring gawin ang trabaho sa bahay kung kailanman posible.
- Mga empleyado ay nasabaihan na huwag pumasok kung may sakit o kung may nalapitan na taong may COVID-19. Kung kayo ay nasabihan na isa o mas madami pang empleyado ang nag positibo, o may sintomas na kaparehas ng COVID-19 (kaso), ang employer ay may plano o protocol na naisalugar na mag-isolate ang may kaso sa kanilang bahay at kinakailangan din ang agarang pag-quarantine ng lahat ng empleyado na nilapitan sa trabaho ng may kaso. Dapat bigyan ng konsiderasyon ng employer ang plano para sa lahat ng naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng akses o ma-test para sa COVID-19 pang ma-determina kung may mga iba pang nahawa sa trabahao, at maaaring mangailangan ng karagdagang hakbang ng pagkontrol ng COVID-19.
- Mga patakaran sa lugar ng trabaho hinggil sa leave o bakasyon ay pinag-aralan at binago nang masegurado na ang mga empleyado ay di maparusahan kapag nanatili sa bahay dahil sa karamdaman.
- May mga impormasyon sa sa mga inisponsor ng employer o gobyerno na leave para sa mga empleyado na maaari mas madaling kumita habang sila ay nasa bahay. Tignan ang mga karagdagan impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa sick leave at worker's compensation para sa COVID19 at ang karapatan ng trabahador sa mga compensation benefits at sa pagbalik trabaho kaugnay sa COVID-19 alinsunod sa [Executive Order N-62-20](#) ng Gobernador.
- Mga proseso ng trabaho ay isinaayos sa abot ng kanilang kakayahang maisagawa ang mga pagkakataon na makapagtrabaho sa bahay.
- Kung kayo ay nasabihan na isa o mas madami pang empleyado ang nag positibo, o may sintomas

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

na kaparehas ng COVID-19 (kaso), ang employer ay may plano o protocol na naisalugar na mag-isolate ang may kaso sa kanilang bahay at kinakailangan din ang agarang pag-quarantine ng lahat ng empleyado na nilapitan sa trabaho ng may kaso. Dapat bigyan ng konsiderasyon ng employer ang plano para sa lahat ng naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng akses o ma-test para sa COVID-19 pang ma-determina kung may mga iba pang nahawa sa trabahao, at maaaring mangailangan ng karagdagang hakbang ng pagkontrol ng COVID-19.

- Pag-screen ng empleyado ay gagawin bago pumasok ang mga empleyado. Kailangan i-check kung may buo, maikling paghinga, nahihirapang huminga at may lagnat o chills at kung ang empleyado ay may nalapitang may COVID-19 sa loob ng huling 14 na araw. Itong mga pag-check ay maaring gawin sa malayo o sa pagdating ng empleyado. Pag-check ng temperatura ay maaari din gawin sa trabaho kung magagawa.
- Kung may tatlo o mahigit pa ang mapag-alaman na may sakit sa lugar ng trabahuhan sa loob ng 14 na araw, kailangan itong ireport ng employer itong grupong ito sa Long Beach Department of Human Services 562-570-INFO.
- Lahat ng mga empleyado na may kontak sa publiko o sa ibang mga empleyado sa oras ng kanilang trabaho ay aalokin ng libreng pantakip sa mukha. Ang takip na ito ay dapat suot ng empleyado sa lahat ng oras ng trabaho kung may kasamang malapit o lalapit sa ibang tao. Hindi kailagangan magsuot ng pantakip kung ang empleyado ay mag-isa o na sa isang pribadong opisina na may mga harang. Mga empleyado na sinabihan ng kanilang doktor na di dapat magsuot ng takip sa mukha ay dapat magsuot ng face shield na may drape sa dulo, na sumusunod sa mga State directives, basta ito ay mapapahintulutan ng kondisyon. Ang drape na kapit sa ilalim ng baba ay nirekomenda. Mga mask na may one-way valve ay hindi maaring gamitin.
- May instruksyon na hugasan ang mga pantakip sa mukha araw-araw.
- Dapat konsiderahin ng empleyado kung saan ang paggamit ng disposable na gwantes ay makakatulong pa sa madalas na paghugas ng kamay o paggamit ng hand sanitizer; halimbawa ay para sa mga empleyado na nagsasagawa ng screening ng iba para sintomas o mga humahawak ng madalas hawakang mga bagay.
- Mga workstations ay ipinahihiwalay ng aim na talampakan
- Lugar ng distribusyon (para sa curbside pickj), break room, restroom at iba pang mga karaniwang lugar ay dinidisinfect palagi, sa mga sumusunod na iskedyul:
 - Lugar ng Distribusyon _____
 - Break rooms _____
 - Restrooms _____
 - Iba _____
- Alinsunod sa mga wage at hour na regulasyon, ang mga breaks ay hindi sabay sabay para masegurado ang pagpanatili ng physical distancing sa lahat na panahon.
- Mga empleyado ay binabawalan kumain o uminom habang na sa loob nga trabahuhan maliban sa mga takdang breakroom para masegurado na ang mask ay suot ng tama at palagi.
- May mga disinfectant at iba pang katulad na produkto para sa mga empleyado sa mga sumusunod na lokasyon: and related supplies are available to employees at the following location(s):

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- May hand sanitizer na mabisa laban sa COVID-19 para sa lahat ng empleyado sa mga sumusunod na lokasyon
-
- Mga empleyado ay pinapayagan na madalas magbreak para maghugas ng kamay. Kopya ng protocol ay ipinamahagi sa bawat empleyado.
 - Kung posibleng maisagawa, bawat trabahador ay binigyan ng kanyang sariling tools, equipment at takdang lugar ng trabahuhan. Hiramang mga bagay ay inalis o binawasan.
 - May sapat na horas sa kanilang shifts para makapaglinis ang mga empleyado. Ang mga takdang paglilinis ay dapat iatas sa oras ng trabaho bilang bahagi na kanilang mga gawain.
 - Lahat ng mga patakaran na isinalarawan sa checklist na ito bukod sa mga kaugnay sa terms ng employment ay para sa staff ng delivery at iba pang tagalabas na kompanya.
 - Maglagay ng mga mapagkukuhanan para maitaguyod ang personal na kalinisan. Kasama dito ang tissue, mga no-touch na basurahan, mga hand sanitizer na alcohol-based, mga disinfectant, mga disposable na mga twalya.
 - Baguhin at ayusin ang mga meeting na personal na dinadaluhan, para masegurado ang physical distancing at magsagawa ng mga meeting na mas kauntin ang dadalo sa mga pasilidad para mapanatili ang mga gabay ng mga physical distancing.
 - Opsyonal—Isalarawan ang iba pang mga hakbang:
-

B. MGA HAKBANG PARA MASEGURADO ANG PHYSICAL DISTANCING

- Ang bilang ng mga tao sa loob ng panloob ng pasilidad ng retail o panlabas na sityo ng retail ay sadyang mababa para masegurado ang physical distancing ngunit sa anumang kaso ay hindi maaaring lumampas sa **50%** ng maximum na kakayahan ng panloob na pasilidad ng retail o panlabas na sityo ng retail.

Maximum na bilang ng mga tao sa pasilidad o panlabas na sityo ng retail ay limitado sa: _____

- Mga establisimyento ng retail ay imo-monitor ang lahat ng mga pasukan ng masubaybayan ang kakahayan o occupancy. Kung saan man posible, maglagay ng nag-iisa at malinaw na takdang pasukan at labasan para mapanatili ang physical distancing.
- Lahat ng mga empleyado na may kontak sa publiko o sa ibang mga empleyado sa oras ng kanilang trabaho ay aalokin ng libreng pantakip sa mukha. Ang takip na ito ay dapat suot ng empleyado sa lahat ng oras ng trabaho kung may kasamang malapit o lalapit sa ibang tao. Hindi kailagangan magsuot ng pantakip kung ang empleyado ay mag-isa o na sa isang pribadong opisina na may mga harang. Mga empleyado na sinabihan ng kanilang doktor na di dapat magsuot ng takip sa mukha ay dapat magsuot ng face shield na may drape sa dulo, na sumusunod sa mga State directives, basta ito ay mapapahintulutan ng kondisyon. Ang drape na kapit sa ilalim ng baba ay nirerekomenda. Mga mask na may one-way valve ay hindi maaring gamitin. Mga empleyado na madalas na lumalapit sa loob ng anim na talampakan sa mga kapwa ka-trabaho o mga kostomer ay dapat magsuot ng pangalawang na harang (tulad ng face shield o safety goggles) dagdag pa sa mga takip sa mukha. Babawasan ng mga empleyado ang oras ng pakikipagusap sa mga kostomer sa loob ng anim na talampakan na distansya.
- Maging handa na papilahin ang mga kostomer sa labas habang nagpapanatili ng physical

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

distance, kasama na ang paggamit ng mga senyas. Kung kinakailangan isang empleyado (o empleyado sa pasukan) na may mask ay dapat nakalagay sa may pasukan ngunit may anim na talampakan mula sa pinakamalapit na kostomer nang masubaybayan ang occupancy at madirekta ang mga kostomer na pumila na may anim na talampakan sa pagitan sa labas ng pasukan kung umabot na sa limit ang establisimyento.

- Mga hakbang ay naisagawa para masegurado ang physical distancing ng hindi kukulang sa anim na talampakan sa pagitan ng mga empleyado at kostomer. Maaaring kasama dito ang mga harang o mga senyas (tulad ng mga marka sa sahig, tape na may kulay, o mga karatula na nagtuturo kung saan tatayo ang mga empleyado at/o customer).
- Maglagay ng nag-iisa, malinaw na takdang pasukan at hiwalay na labasan para mapanatili ang physical distancing kung saan man posible.
- Mga hakbang ay naisagawa sa mga check-out station para mabawasan ang exposure sa mga kahero at mga kostomer tulad ng mga harang na Plexiglass. Mga karatula ay nakapaskil sa pasukan, check-out at sa register para ipaalala sa mga kostomer ang physical distancing.
- Mga tape o ipa bang mga marka ay nagtutukoy sa simula ng pagcheckout at anim na talampakan sa pagitan ng mga darating na kostomer sa linya.
- Mga empleyado ay may instruksyon na magapangatili ng anim na talampakan na distansya mula sa kostomer at sa isa't isa sa lahat ng lugar ng tindahan. Maaring lumapit ang empleyado kung tatanggap ng bayad para sa mga serbisyo.
- Restroom para sa empleyado ay hindi pwedeng gamitin ng mga kostomer.
- Mga workstations ng mga empleyado ay ipinaghihiwalay ng di kukulang ng 6 talampakan at mga karaniwang lugar ay isinaayos para malimita ang mga pagtipon-tipon para masegurado ang physical distancing na 6 talampakan.
- Mga breakrooms at karaniwang lugar ay isinaayos para malimita ang mga pagtipon-tipon para masegurado ang physical distancing na 6 talampakan Kung saan man posible, mga panlabas na lugar ng break na may mga shade covers at mga upuan ay ginawa ng masegurado ang physical distancing. Alinsunod sa mga wage at hour na regulasyon, ang mga breaks ay hindi sabay sabay para masegurado ang pagpanatili ng physical distancing sa lahat na panahon.
- Mga tagubilin ng physical distancing ay ipinatupad sa mga loading bays at mga pagpirmang walang kontak ay isininasagawa para sa mga empleyado.
- Mga truck driver na hindi empleyado, ahente ng delivery, o mga vendor na kinakailangan pumasok sa mga lokasyon ng retail ay dapat may suot na takip sa mukha.
- Dagdagan ang mga opsyon sa mga delivery at pickup para sa mga kostomer ng mabawasan ang kontak sa loob ng tindahan at mapanatili ang social distancing, tulad ng pag-order online o ang pick-up sa curbside.
- Maglagay ang mga lugar at lagayan ng mga material, tulad ng mga shelves at mga bulletin board, para mabawan ang harapang pag-abot kung saan man posible. Kung magiging posible, magsagawa ng mga walang kontak na pirmahan para sa mga deliveryl
- Dagdagan ang oras ng mga delivery para mahihiwalay ang mga delivery at maiwasan ang siksikan.

C. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- Mga kostomer ay kinakailangan magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng oras habang na sa bentahan. Telang pantakip sa mukha ay di dapat ilagay sa mga bata na mas bata pa sa 2 taon, sinumang mang may kondisyong medikal, kondisyong ng kalusugang mental, o kapansanan na makakapagpigil sa kanila na magsuot ng takip sa mukha, o kaya ay mahihirapang matanggap ng

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

mask kung walang tutulong.

- Ang HVAC system ay nasa mabuting kondisyon; na sa pinakamalakas na kakayahan, dinagdagan ang bentilasyon. Maglagay ng mga portable at mabisang mga air filters, pahasayin ang mga air filters ng gusali sa pinakamalakas na kakayahan at gumawa ng mga pagbabago ng madagdagan ang daloy ng hanging mula sa labas at bentilasyon sa mga opisina at iba pang espasyo.
- Sistema ng mga bayaran na walang kontak ay nilagay o, kung id maaari, bayaran ay madalas na sinasanitize.

Isalarawan: _____

- Mga karaniwang lugar at madalas hawakang na mga bagay sa customer pickup at mga bayarana (mesa, doorknob o mga hawalakan, credit card readers) ay dinidisinfect oras oras gamit ang disinfectant na aprobado ng EPA.
- Mga trabahuhan at ang buong pasilidad ay nililinis dalawang beses sa isang araw, at ang mga restroom at mga lugar na parating hinihipo ay mas madalas pang nililinis.
- Oras ng pagtinda ay binago para sa mas matinding paglilinis at paglagay ng mga produkto. Hindi sabay sabay ang pag-stock nang ang mga empleyado ay nasa iba't ibang pasilyo.
- Kung saan man posible, hikayatin ang paggamit ng credit card ng mga kostomer, hikayating ang mga kostomer na linisin ang mga reusable na mga bag ng madalas, itagubilin sa mga kostomer na ay dalang bag na sila ang maglagay sa kanilang pinamili sa kanilang bag
- Mga bisita ay dadating sa establisimyento ay dapat may suot na takip sa mukha sa lahat ng oras (maliban kung kumakain o umiinom, kung magagawa) habang na sa establisimiyento. Ito ay naaangkop para sa mga adulto at mga bata na dalawang taon o mas matanda pa. Mga tao lamang na nasabihan ng kanilang doktor na huwag mag mask ang hindi kasali sa patakaran na ito. Para suportahan ang kaligtasan ng mga empleyado at bisita, ang takip sa mukha ay maaaring ialok sa mga bisita na walang dala.
- Mga pag-check ng sintomas ay isasagawa bago dumating ang mga bisita sa pasilidad. Kasama sa pag-check ang ubo, maikling paghinga, lagnat o pangininig o chills. Ang mga pag-check ay maaaring isagawa sa personal o sa iba pang paraan tulad ng mga on-line na pagcheck o sa mga karatula nakapaskil sa mga pasukan na nagasasabi na kung mga darating ay may sintomas huwag pumasok sa loob.
- Mga bisitang darating sa sityo na may kasamang mga bata ay dapat seguraduhin ang ang bata katabi ng magulang palagi, iwasan ang paghipo ng mga bagay na hindi nila pag-aari, at mag mask kung papayagan ng idad.
- Mga bar sa loob ng tindahan at mga opsyon ng pagbili ng bulk at pagbigay ng mga sample ay di muna ipagapapatuloy.
- Ang mga pinamili ay ibibigay sa kostomer sa saradong supot o bag na nakalakip ang resibo.
- Kung saan man posible, hands-free device, pati ang mga motion sensor na mga ilaw, walang kontak na bayaran, automatic na soap dispenser at mga paper towel at timecard na sistema ay inilagay.
- Hand sanitizer, tisyu at mga basurahan ay nilagay sa ma pasukan para sa publiko.
- Mga portal ng bayaran, bolpen, at mga stylus ay dinidisinfect sa bawat paggamit.
- Pagkonsumo ng pagkain at inumin sa loob ng pasilidad ng retail o panlabas na sityo ay bawal. Ang pagbenta at pagkonsumo ng pagkain sa pasilidad ay bawal.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Opsyonal – Isalarawan ang mga Hakbang (hal. oras para sa mga senior, pamimili habang hindi matao)

D. MGA HAKBANG PARA SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- Ang kopya ng protocol na ito ay nakapaskil sa lahat ng mga pasukan sa pasilidad.
- Kailangan gumawa ng mga makatwirang hakbang ang mga retailers, kasama ang mga anunsyo, karatulasa mga lugar na madaling makita at dinadaan, at sa mga kompirasyon ng reserbasyon, para maipaalala sa publica na dapat silang gumamit ng pantakip sa mukha kapag hindi kumakain o umiinom (maliban kung payagan), magsagawa ng physical distancing, huwag hawakan ang mukha, dalasan ang paghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig ng 20 segundo, at gumamit ng hand sanitizer.
- Karatula ay napaskil para makapagbigay ng malinaw na patnubay sa publiko kung paano makapagpanatili ng kaligtasan sa pasilidad (hal. pagpanatili ng physical distance, pagsuot ng mask)
- Karatula sa pasukan ng pasilidad para ipaalam sa mga empleyado at bisita na dapat nilang: Iwasan ang pagpasok sa pasilidad kung ubo o lagnant.
- Mga online outlet ng trabaho (website, social media, atbp) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon hinggil sa oras, tagubilin sa paggamit ng takip sa mukha, mga patakarang hinggil sa paggawa ng appointment at iba pang mga mahalagang isyu.

E. MGA HAKABANG PARA PANTAY PANTAY NA PAG-ACCESS SA SERBISYONG KRITIKAL

- May oras na takda para sa pamimili ng mga bulnerableng populasyon, para sa mga senior at mga kondisyong medikal, ay isinagawa, kung angkop pagktapos ng matinding paglilinis.
- Mga serbisyo na kritikal sa mga kostomer/kliyente ay binigyan ng priyoridad.
- Mga transaksyon o mga serbisyo na maaaring alokin sa paraang remote ay inilipat on-line.
- Naitaguyod ang mga hakbang na nagsesgurado sa pag-access ng mg goods at mga serbisyo na may limitasyon sa paggalaw at/o nasa mga mataas ang panganib sa mg pampublikong lugar.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

Anumang karagdagan mga hakbang na hindi naisama sa itaas ay dapat ilista sa hiwalay na pahina na ilalakis ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaaring niyong kontakin ang sumusunod na tao kung anuman ang tanong at komento hinggil sa protokol na ito

Pangalan ng kontak sa

Negosyo: _____ **Telepono:** _____

**Petsa ng
Huling Pagbabago:** _____

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**